**Mga Pahiwatig ni Silo sa Kauna-unahang Pagdiriwang ng Mensahe ni Silo**
**Punta de Vacas. Ika-4 ng Mayo, 2004**

Mga minamahal kong kaibigan,

Hindi tayo nagtagumpay ngunit hindi pa rin tayo susuko!

Hindo tayo nagtagumpay pero ipagpapatuloy pa rin natin ang ating layunin na gawing makatao ang mundo.

Tayo ay nabigo at isang libu't isang beses pa mabibigo mabibigo ngunit tayo'y nakasakay sa ibon ng Tangkâ na nangingibabaw sa pagkawalan ng pag-asa, sa kahinaan ng loob at sa pagtuntunggali sa mga maliit na bagay.

Ang pwersang nagbibigay lakas sa ating paglipad ay ang pananalig sa ating tadhana, ang pananalig sa katarungan ng ating pagkilos, ang pananalig sa ating sarili at ang pananalig sa ating kapwa tao.

Dahil ito'y hindi pagwawakas ng Kasaysayan o ng mga Ideyas o ng Tao, hindi rin ito ang tagumpay ng kasamaan at manipulasyon. At dahil dito, maaari pa nating ipagpatuloy ang ating pagsisikap patungo sa pagbabago ng ating kapaligiran at ating sarili.

Ito ang Tangkâ na may kabuluhan isabuhay dahil ito ang pagpapatuloy ng mga pinakamagandang pangarap ng mga mabubuting tao nauna sa atin. Ito ang Tangkâ na may kabuluhan isabuhay dahil siya ang magiging halimbawa sa mga darating na generasyon na magbabago ng mundo.

Dalawang dakilang kaluluwa na lumaban sa discriminasyon at kawalan ng hustisya ang kasama natin sa pagtitipong ito.  Mga gabay na nagbibigay inspirasyon laban sa dahas: Mahatma Gandhi at Martin Luther King, na parehong nakaranas din ng pagkabigo ngunit hindi naglumbay sa kanilang layunin.  Sila'y nasa ating mga isip at puso sa araw na ito.

Sa kahabag-habag na kalagayan ng mundo kung saan nangingibabaw ang kapangyarihan at kawalan ng katarungan sa mga probinsya at sa mga cuidad, paano kaya nila pinaplanong hintuhin ang dahas?

Baka akala nila na sila'y isang magandang halimbawa sa mga bagong generasyon tuwing pinipintasan nila ang mundo, sa pamamagitan ng mga pakunwaring "video games"; kapag sila'y nananakot at nagbibigay babala, at nagpapakita ng gawing maton; hanggang sa wakas ay ipadala nila ang kanilang mga anak upang lusubin, pumatay at mamatay sa mga ibayong bansa.  Ito'y hindi magandang pamamaraan o halimbawa.

Baka akala nila na ang pagbalik sa parusa ng Kamatayan ay magbibigay ng isang magandang halimbawa para sa lipunan.

Baka akala nila na sa pagpatuloy na pabibigay parusa sa mga krimeng ginawa ng mga bata ay mawawala ang krimen … o mawawala ang kabataan!

Baka akala nila na sa paggamit ng kalupitan sa mga lansangan ay magiging ligtas na ang mga ito.

Totoong nandiyan ang mga problemang ito at patuloy na lumalaganap, ngunit hindi Kapayapaan ang magiging bunga sa paggamit ng dahas laban sa dahas.

Hindi makakamtan ang Kapayapaan kung tayo'y mauuwi sa pamamaraan ng mga hayop kung saan ang malakas ang magwawagi. Hindi magbubunga ang guni-guning ito.  Hindi Kapayaan ang magiging bunga ng pagbabaligtad ng mga salita o sa

pagsusupil ng mga tunay na makabuluhang sumbong laban sa pag-aabuso at kahayupan na ginagawa sa tao.  Sa puntong ito, hindi ko na babanggitin ang human rights dahil lubos na itong ginamit at taliwas na sa kanilang tunay na kahulugan.  Sa mga panahong ito, bino-bomba ang mga walang kalaban-laban na taong bayan para ipagtanggol ang kanilang mga karapatan.

Hindi makakamtan ang kapayapaan sa pamamagitan ng isang pagtingin sa buhay na parang ang mundo ay isang gubat, na lahat ay inaayos sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga premyo o parusa, pinapaamo ang mga mamayan katulad sa pagsasanay ng pagaamo ng mga hayop, at sila'y nasasanay na sa pagkawalang-tiwala at sa pagbebenta ng kanilang mga damdamin.

Sa bawat sulok ng mundo ay maririnig mo ang mga salitang "Dapat may gawin na." Kung gayon, sasabihin ko kung ano ang dapat gawin ngunit wala rin mangyayari dahil wala namang makikinig.

Ang sa akin, sa pangmundong kaayusan, lahat ng nanlulusob ay dapat umalis kaagad at tanggapin ang mga resolusyon at recommendasyon ng United Nations.

Ang sa akin, sa pambansang kaayusan, kailangan magsikap upang ipairal at gamitin ang batas at katarungan kahit na ito'y di pa lubos na wasto, bago gawin pang mas mabagsik at malupit ang mga ito.  Pare-parehong darating lang sila sa mga kamay rin naman na humahadlang sa mga batas at sa katarungan.

Ang sa akin, sa pantahang kaayusan, dapat isabuhay ng mga tao ang kanilang mga pangaral at tigilan na ang mga mapabalat-kayong pananalita na naglalason sa sumusunod na generasyon.

Ang sa akin, sa pansariling kaayusan, ang bawat tao'y dapat magsikap na ipagtugma ang kanilang paniniwala sa kanilang mga damdamin at gawa, nang ito'y magbigay-

hugis sa isang buhay na may kabuluhan, at maiwasan ang mga nagtutunggaling damdamin na nagbibigay-daan sa dahas.

Ngunit lahat ng ito'y hindi pakikinggan.  Gayun pa man, ang mga pangyayari ang siya na ring magpapaalis sa mga manlulusob; siya na ang tutulak sa mga taong bayan na itaboy ang mga siga, dahil ang nais nila ay ang simpleng pagsunod sa batas;  na siyang magtutulak sa di-pagtanggap ng mga anak sa mga pagkukunwari ng kanilang mga magulang; at siyang magmumulat ng mga mata ng bawat tao ukol sa mga kontradiksyon sa kanilang buhay na humahawa sa lahat ng mga nakapaligid sa kanila.

Nasa sa dulo na tayo ng isang madilim na yugto ng kasaysayan at wala nang magiging katulad ng dati. Unti-unti nang dumadating ang pagsilang ng bagong araw.  Mag-uumpisa nang magkaunawaan ang mga iba't-ibang lahi.  Madadanasan ng tao ang lumalaking pagnanais ng kaunlaran para sa lahat, dahil naiintindihan na nila na ang kaulanran ng iilan lamang ay katumbas ng kaunlaran ng walang sinuman.  Oo, parating na ang Kapayapaan at kasama nito ay ang isang Pamundong Bayan ng lahat ng tao sa buong daigdig.

Samantala, tayong mga hindi nadidinig ay patuloy na magsisikap sa lahat ng bahagi ng mundo upang tutukan ang mga nagpapasya; upang ikalat ang mga adhikaing mapayapa sa mapayapang pamamaraan; para ihanda ang daan sa mga dadating na panahon ng pagbabago.

Oo, kapaki-pakinabang na lumakas ang Mensaheng ito at ang Pagkataong Pandaigdig. Makakabuti ang pagsali ng Kabataan sa Moral Force na ito nang lumaki ang pagkakataong maiba ang Kasaysayan ... katulad ng isang di-mapigilang agos at ang kanyang bulong ay maririnig sa lahat ng wika ng Daigdig.  Sa panahon na iyon,  ang mga bagong generasyon ay mag-uumpisang turuan ang mga nakakatanda sa pamamagitan ng isang mapagmahal at mapag-unawang pamamaraan.

At sa huli, mga kaibigan, nais kong ipamahagi sa inyo ang isang katiyakan na nagsasabi: Ang Kabanalan ay nasa ating sinasaloob… Banal ang ating sinasaloob at walang masamang maaring mangyari sa malalim na paghahanap ng Hindi Maaaring Bigyan ng Pangalan. Naniniwala ako na may isang napagandang bagay na mangyayari tuwing nahahanap ng tao ang Kahulugan na sanlibong beses na nawala at nahanap muli sa mga maraming kabanata ng Kasaysayan.

Ang nais ko sana mga kaibigan, ay ang madinig ang Mensahe ng Kalaliman. Di siya mapagmatigas, siya'y isang malumanay na mensahe na di madidinig kung nais itong kulubin.

Ang nais ko sana mga kaibigan, ay ang ipahatid ang aking katiyakan ng "walang kamatayan". Ngunit paano nga bang pwedeng bigyan-bunga ng namamatay, ang di-mamamatay? Ang dapat yatang tanungin ay kung paano pwedeng bigyan lugar ng hindi namamatay, ang guniguni ng kamatayan.

Napakasarap na tayo'y magkakasama sa harap ng Kasalukuyan at ng Hinaharap. Napakasarap na mga libo-libong kaibigan, sa lahat ng sulok ng daigdig, ay nagtitipon din ngayon. Kung sabagay, dumating na ang panahon na hindi na tayo dapat maghanap ng mga malalayong lugar para ipahiwatig ang ating nais sabihin, para lang iwasan ang magbigay ng sama ng loob sa kanino man dahil sa ating mga sinasabi. Kung mayroon man tatamaan sa ating mga sinasabi, hihingi tayo ng paumanhin dahil walang personalan ito, kundi isang pagpuna lamang ng mga kalagayan ng panahon.

Ang mga titig natin ang papapalit sa mga naglalahong pananalita ...

Tayo'y nagtitinginan at nagkakaunawaan.

Ang aming taos-pusong pagbati sa inyong lahat.

Silo.